# Ulat ng Pagsusuri sa Aktwal na Sitwasyon Pagkamalay ng mga Dayuhang Residente sa Lungsod ng Kawasaki ＜Buod na bersyon＞


Sa Lungsod ng Kawasaki, isinusulong namin ang isang "lipunang multikultural" kung saan ang pagkakaiba sa nasyonalidad, etniko, at kultura ay itinuturing na yaman. Layunin naming lumikha ng isang komunidad kung saan ang lahat ng tao ay kinikilala ang isa't isa, iginagalang ang karapatang pantao, at namumuhay nang magkasama bilang mga nagsasariling indibidwal.

Sa pagkakataong ito, nagsagawa kami ng isang pagsusuri matapos ang limang taon mula sa nakaraang pagsusuri noong 2019 upang maunawaan ang kamalayan, aktuwal na sitwasyon, at pangangailangan ng mga dayuhang residente sa Lungsod ng Kawasaki at magamit ang mga resulta sa mga patakaran ng lungsod. Sa pagsusuring ito, tinanong namin ang tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay, medikal na pangangalaga at seguro, pagpapalaki ng anak at edukasyon, pakikilahok sa mga aktibidad ng komunidad at pamamahala ng lungsod, trabaho, at mga serbisyo ng administrasyon. Ang mga katanungan (Form ng Katanungan) ay inihanda sa wikang Hapones na isinalin sa Wikang Ingles, Intsik (pinasimple), Intsik (tradisyonal), Koreano, Portuges, Espanyol, Tagalog, Vietnamese, at Nepali.


Ang mga kalahok sa pagsusuri ay 5,000 dayuhang residente (hindi Hapon ang nasyonalidad) na may edad 18 pataas na naninirahan sa loob ng lungsod, na napili nang walang pinapanigan. Ang mga katanungan ay ipinadala sa kanila sa pamamagitan ng koreo, at nakatanggap kami ng 1,031 na sagot (antas ng pagtugon: 20.6%).

Batay sa kasarian, 46.0% ng mga sumagot ay lalaki, 52.6% ay babae, 0.5% ay iba pa, at 1.0% ay hindi sumagot. Ang detalyadong resulta ayon sa lugar ng paninirahan, nasyonalidad, at rehiyon ay ang mga sumusunod.

【Pagsusuri sa iba’t-ibang parte ng tirahan（n=1,031）】




【Nasyonalidad・iba’t-ibang rehiyon（n=1,031）】




Sa "Ulat〈buod na bersyon〉" na ito, aming ipinakikilala ang mga pangunahing resulta ng pagsusuri. Batay sa mga natuklasan ng pagsusuring ito, ang Lungsod ng Kawasaki ay patuloy na magpapatibay ng mga hakbangin upang higit pang mapabuti ang mga patakaran sa layunin na magkaroon ng kabuluhan ang relasyon sa lipunan at multikultural.


Bukod dito, ang "Ulat〈buod na bersyon〉" ay makukuha rin sa Wikang Ingles, Intsik (pinasimple), Intsik (tradisyonal), Koreano, Portuges, Espanyol, Tagalog, Vietnamese, at Nepali. Ang ulat na ito at ang buod na bersyon ay maaaring tingnan sa sumusunod na URL.

http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-4-0-0-0-0-0-0-0.html

## Halos Kalahati sa Naninirahan sa Loob ng Lungsod ay Higit Kumulang ng 3 Taon

Nang tanungin tungkol sa bilang ng taon ng paninirahan sa lungsod, halos kalahati o 46.1% ng mga sumagot ay naninirahan sa loob ng 3 taon o mas mababa. Bukod dito, 70.4% ang naninirahan sa loob ng 9 na taon o mas mababa. Kung ikukumpara sa nakaraang pagsusuri, ang "1 ~ 3 taon", na naapektuhan ng pandemya ng COVID-19, ay bumaba ng 3.3 puntos, samantalang ang "Wala pang isang taon" ay tumaas ng 1.7 puntos. Ipinapakita nito na pagkatapos ng pandemya, dumarami ang mga bagong dayuhang residente na lumipat sa lungsod.

【Bilang ng taon ng paninirahan sa lungsod】





## 70%-80% ang Kasanayan sa Wikang Hapones Para sa Pang-araw-araw na Pamumuhay, at Tumatataas ang Pangangailangan para sa Pagsasalin


Nang tinanong tungkol sa kakayahan sa wikang Hapones, ang kabuuan ng "Walang problema," "Pang-araw-araw na pakikipag-usap," at "Nakakaintindi ng Hiragana, Katakana, at simpleng Kanji" ay lumampas sa 80% sa “Pakikinig at Pagsasalita” at sa “Pagbabasa at Pag-unawa,” lumampas naman sa 70% sa “Pagsusulat.” Gayunpaman, bumaba ng 7.1 puntos ang “Pakikinig at Pagsasalita,” at “Walang Problema,” 9.1 puntos sa “Pagbabasa at Pag-unawa,” at 12.5 puntos sa “Pagsusulat”

Samantala, nang tinanong tungkol sa pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika, ang kabuuan ng "Lubos na mahalaga" at "Mahalaga"para sa "Notasyon gamit ang simpleng wikang Hapones” ay nagresulta sa 82.5%." 68.1% para sa "Notasyon gamit ang wikang Hapones na may furigana," at 85.8% para sa "Pagsasalin sa dayuhang wika." Kung ikukumpara sa nakaraang pagsusuri, tumaas ng 5.9 puntos ang "Pagsasalin sa dayuhang wika," na nagpapakita ng lumalaking pangangailangan para sa pagsasalin sa iba't ibang wika.

【Kakayahan sa Wikang Hapones（n=1,031）】





【Pagsasalin sa dayuhang wika】



## Isa sa Bawat Apat na Tao ang Nakaranas ng "Hindi Pinahintulutan na Manirahan Dahil Sa Pagiging Isang Dayuhan."

Nang tanungin tungkol sa karanasan sa paghahanap ng tirahan sa Lungsod ng Kawasaki, 50.0% ng mga sumagot ay pumili ng "Hindi pa nagkaroon ng anumang problema." Sa mga karanasang may kahirapan, ang "Hindi makapaghanap ng guarantor" na dati nang isang malaking hamon para sa maraming dayuhan, ay bumaba ng 4.9 puntos mula sa nakaraang pagususri. Tila ito ay dahil mas maraming tao na ngayon ang gumagamit ng mga guarantor company sa halip na personal na guarantor. Samantala, ang "Hindi pinahintulutan na manirahan dahil sa pagiging isang dayuhan" ay nasa 26.1%, na hindi nagbago mula sa nakaraang pagsusuri, at ang "Hindi nakatanggap ng introduksyon sa ari-arian dahil sa pagiging isang dayuhan" ay tumaas ng 3.5 puntos. Ang "Hindi pinahintulutan na manirahan dahil sa pagiging isang dayuhan" ay isang karaniwang hamon para sa mga dayuhang residente, anuman ang kanilang bansang pinagmulan o rehiyon.

【Karanasan sa Pagkakaroon ng Problema sa Paghahanap ng Tirahan】





## Tumataas Ang Porsyento ng mga Sambahayan Kung Saan ang mga Bata ay Walang Pagkakataong Makipag-ugnayan sa Wikang Hapones sa Bahay


32.7% o humigit-kumulang 30% ng lahat ng sumagot ay naninirahan kasama ang mga anak na may edad 25 pababa. Nang tanungin tungkol sa nasyonalidad ng mga bata, ang sumagot ng "Mayroon" (may nasyonalidad na Hapon) ay 34.0%, bumaba ng 6.0 puntos mula sa nakaraang pagsusuri, habang ang "Wala" (walang nasyonalidad na Hapon) ay tumaas ng 6.8 puntos. Ipinapahiwatig nito na dumarami ang mga pamilyang may parehong magulang na may dayuhang nasyonalidad.

Samantala, sa wikang ginagamit sa tahanan kasama ang mga anak, bumaba ng 7.2 puntos ang "Wikang Hapones" at bumaba rin ng 3.9 puntos ang "Wikang Hapones at ang aking sariling wika" mula sa nakaraang pagsusuri. Ipinapakita nito na dumarami ang mga tahanang walang pagkakataon ang mga bata na makipag-ugnayan sa wikang Hapones sa loob ng kanilang bahay.

【Mga batang may Nasyonalidad na Hapon】




【Mga wikang ginagamit sa bahay sa pakikipag-usap sa mga bata】




## Nabawasan ang Pagkabalisa at Panganib Mula sa Karahasan, Pagbabanta, at Diskriminasyong Pang-aabuso Dahil sa Pagiging Dayuhan

Nang tanungin tungkol sa mga alalahanin at panganib na naramdaman sa loob ng nakaraang isang taon, ang "Pag-aalala sa kaligtasang pampubliko ng lugar na tinitirahan" ay bumaba ng 6.8 puntos mula sa nakaraang pagsusuri, na nagpapakita ng pagpapabuti sa seguridad.

Bukod dito, bumaba rin ng 0.3 puntos ang "Pagkabalisa o panganib ng karahasan dahil sa pagiging isang dayuhan" at 3.3 puntos ang "Pag-aalala na makatanggap ng mga pagbabanta o diskriminasyon dahil sa pagiging isang dayuhan." Ang mga pagbabagong ito ay nagpapahiwatig ng epektibong implementasyon ng "Kawasaki City Ordinance para sa Paggalang sa Karapatang Pantao at Lungsod na Walang Diskriminasyon," na ipinasa noong 2019.

Samantala, tumaas naman ng 0.8 puntos ang "Pagkabalisa o panganib kapag nakakakita ng mga post sa internet at social media na umaatake sa mga dayuhan."

【Nadama ang pagkabalisa at panganib sa nakaraang taon】





## Sa Paghahanda Para sa Sakuna, Humigit-kumulang 30% ng mga Tao ang Sumagot ng "Walang ginagawang espesyal na paghahanda."

Nang tanungin tungkol sa mga paghahanda para sa sakuna, ang "Paghahanda ng inuming tubig at mga pagkain" ay tumaas ng 7.8 puntos mula sa nakaraang pagsusuri at lumampas sa 50%.

Samantala, ang "Walang ginagawang paghahanda" ay bumaba ng 4.8 puntos, ngunit nananatili pa rin sa humigit-kumulang 30%. Gayundin, ang "Pagsali sa disaster prevention drills" ay nananatili lamang sa 16.0%.

【Paghahanda sa sakuna（MA、n=1,031）】




Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

**Na-publish noong Marso 2025: Kawasaki City Hall, Civic Culture Bureau, Civic Life Department, Multicultural Coexistence Promotion Division**
**1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki 210-8577**
**TEL 044-200-2846 E-mail 25gaikok@city.kawasaki.jp**